## AKLATAN NG DISTRITO NG HENDERSON TANONG NUM. 1

## ESPESYAL NA PANUKALA PARA SA ELEKTIBONG BUWIS NG MGA PAMPUBLIKONG AKLATAN NG DISTRITO NG HENDERSON:

Dapat bang pahintulutan ang Lupon ng mga Katiwala ng mga Pampublikong Aklatan ng Distrito ng Henderson na magpataw ng karagdagang antas ng buwis sa ari-arian para sa mga layunin ng aklatan, kabilang ang, nang walang limitasyon, pagpapatakbo at pagpapanatili ng mga pasilidad ng aklatan, at pagkuha, pagtatayo, pagsasaayos at pagpapahusay ng mga pasilidad ng aklatan, sa halagang hanggang dalawang sentimo bawat $100 ng tinasang halaga sa loob ng hanggang 30 taon simula Hulyo 1, 2025? Ang gastos para sa may-ari ng bagong $100,000 na bahay ay tantiyadong hanggang $7 bawat taon. Kung ang tanong na ito ay inaprubahan ng mga botante, ang anumang buwis sa ari-arian na ipinapataw ayon sa awtorisasyon ng tanong na ito ay lampas sa mga limitasyon sa pananagutan ng isang nagbabayad ng buwis para sa mga buwis sa ari-arian (ad valorem) na itinatag ng lehislaturang sesyon noong 2005.

Oo ......... ❏
Hindi ......... ❏

## PALIWANAG

Ang mga residente ng Henderson ay dapat bumoto ng "OO" dahil ang dalawang sentimo sa bawat $ 100 ng tinasang pagtaas ng halaga sa mga buwis sa ari- arian ay magpapahintulot sa mga Aklatan ng Henderson na magpatuloy sa pagbibigay ng mga pasilidad na maraming paggamit na may naaangkop na mga koleksyon at oras ng pagpapatakbo para sa isang lumalawak na komunidad ng mga gumagamit. Ang pagtaas ay isinasalin sa $7 bawat taon bawat $100,000 sa halaga ng merkado ng bahay.

Ang botong "HINDI" ay makakapigil sa pagpataw ng naturang buwis sa panahong ito. Pipigilan nito ang mga Aklatan ng Henderson mula sa pagpapalawak sa kasalukuyang mga lugar na kulang sa serbisyo at paghihigpitan ang pagpapalawak ng mga oras ng aklatan, serbisyo, at koleksyon.

## ARGUMENTONG PABOR SA PAGSASABATAS

Bagama't ang mga Aklatan ng Henderson ay nagsisilbi sa mga residente ng Lungsod ng Henderson, ito ay isang malayang entidad mula sa Lungsod at umaasa sa mga buwis sa ari-arian para sa karamihan ng pagpopondo nito.

Ang mga Aklatan ng Henderson ay may kasaysayan ng piskal na prudensiya, pagtitipid, at mababang utang. Ang isang tagapagpahiwatig ng piskal na pangangasiwa na ito ay ang mga gastos sa pagpapatakbo ay nadagdagan ng mas mababa sa 3% bawat taon sa nakalipas na

10 taon. Halos hindi nagbabago ang bilang ng mga manggagawa mula noong 2014. Ang utang ay matipid na ginamit—at walang inilabas sa pagpapatayo ng Aklatan ng Paseo Verde. Sa pagdami ng mga mapagkukunan mula sa tanong na ito ng halalan, ang Aklatan ng West Henderson ay gagamit ng minimal (kung mayroon man) na utang.

Ang kita na nabuo ng panukalang ito ay gagamitin upang:
Bumuo ng isang full-size na aklatan sa West Henderson
Ibalik ang mga oras ng Linggo sa Aklatan ng Gibson at Paseo Verde
Pondohan ang isang maliit na aklatan sa isang lugar na kulang sa serbisyo (potensyal sa Southeast Henderson)
Magsagawa ng kritikal na pagpapanatili sa mga kasalukuyang pasilidad
Palawakin ang mga printed na aklat at mga mapagkukunan ng elektroniko

Noong 2023, ang mga Aklatan ng Henderson ay nagkaroon ng 524,000+ na pagbisita sa aklatan at 1.6 milyon+ na mga checkout, kabilang ang 400,000+ na mga digital checkout. Kabilang sa mga mapagkukunan na magagamit upang hiramin ay mga aklat, e-book, audiobook, pahayagan, magasin, Wi-Fi hotspot, Chromebook, streaming service, at Launchpad tablet.

Ang mga Aklatan ng Henderson ay nagsisilbing sentro ng komunidad kung saan ang mga residente ay maaaring maghanap ng trabaho, gawin ang mga proyektong pangpaaralan, gumamit ng mga computer, magreserba ng mga silid ng pagpupulong, at makihalubilo sa 1,300+ na mga programa na inaalok taun-taon. Bawat buwan, ang mga aklatan ay nagbibigay ng halo-halong mga programa na nababagay sa mga tiyak na pangangailangan at interes ng mga bata, kabataan, matatanda, at nakakatanda. Ang isang maliit na halimbawa ng mga mapagkukunan para sa iba't ibang mga grupo ng edad ay kinabibilangan ng:

Mga Bata: tulong sa takdang-aralin, mga programa sa pagbabasa, oras ng kwentuhan, Pagbasa kay Rover
Mga Kabataan: LIGTAS na lugar, tulong sa paghahanda sa ACT/SAT, patimpalak sa pagsusulat, oras ng serbisyo, mga pagsusulit sa pagsasanay sa DMV
Mga Matatanda: pagtulong sa akademiko, negosyo, at career, tulong sa wika, mga mapagkukunan ng kaalaman sa pananalapi, mga book club, pag-aaral ng kasaysayan ng pamilya
Mga Nakatatanda: mga digital na klase ng pag-aaral, malalaking aklat na naka-print, pagbisita sa mga nakatatandang hindi na kayang lumabas ng bahay

Sa kabuuan, ang Aklatan ng Henderson ay nag-aalok ng pagpapahalaga sa mga residente sa lahat ng edad—isang pambihira sa mga pampublikong institusyon. Ang pagboto ng "OO" ay magtitiyak sa patuloy na kalusugan at pagpapalawak ng mga Aklatan ng Henderson kapalit ng maliit na pagtaas ng buwis sa ari-arian—na nag-aalok sa mga nagbabayad ng buwis ng malaking pagpapahalaga para sa isang maliit na pamumuhunan at pagtupad ng isang mahalagang pambayang responsabilidad.

*Ang argumento sa itaas ay ipinadala ng Komite sa Tanong sa Balota ayon sa nakasaad sa NRS 295.121*

## ARGUMENTONG HINDI PABOR SA PAGSASABATAS

Ang tanong sa balota na ito ay nagpapataw ng isa pang buwis sa mga residente ng Henderson. Ang Aklatan ng Distrito ng Henderson ay nagtatamasa ng pagtaas sa badyet nito dahil ang halaga ng real property sa Henderson ay tumaas nang malaki sa mga nakaraang taon. Dahil ang badyet nito ay pangunahing binubuo ng mga buwis sa ari-arian, nakukuha nito ang mga benepisyo ng pagtaas sa mga nagbabayad ng buwis. Kung maaprubahan ang tanong na ito sa balota, pahihintulutan nito ang Lupon ng mga Katiwala ng Distritong Aklatan ng Henderson na magpataw ng buwis sa ari-arian na hanggang dalawang sentimo kada $100 ng tinasang halaga sa loob ng tatlumpung taon. Para sa isang bahay na may halagang $300,000, ang pagtaas ay aabot sa humigit-kumulang na $21 dolyar sa isang taon para sa susunod na tatlumpung taon. Ito ay magiging karagdagan sa kasalukuyang mga buwis sa ari-arian dahil ang buwis na ito ay nasa labas ng statutory cap.

Ang Henderson ay nagtatamasa ng isang makatwirang pasanin sa buwis kumpara sa iba pang mga lungsod sa Lalawigan ng Clark, ngunit ang ipinapanukalang pagtaas ng buwis na ito ay iiral sa loob ng tatlumpung taon sa labas ng statutory tax cap na nalalapat sa iba pang mga hinihingi ng pagpopondo sa mga residente ng Henderson, na maaaring tumaas sa loob ng tax cap sa mga darating na taon.

Ang panukalang pagtaas ng buwis na ito ay maglalagay ng pasanin ng pagtaas sa mga may ari ng ari-arian ng Henderson kahit na ang Aklatan ng Distrito ng Henderson ay nagbibigay ng mga serbisyo sa sinumang nangangailangan, anuman ang paninirahan. Ang Aklatan ng Distrito ng Henderson ay maaaring pondohan ang pagpapatakbo ng mga pasilidad ng aklatan, sa pamamagitan ng proseso ng pagbabadyet o iba pang paraan, tulad ng isang pundasyong pangkawanggawa. Tinanggihan ng mga residente ang isang katulad na kahilingan sa pagtaas ng buwis ng dalawang beses bago ang ipinapanukalang pagtaas ng buwis ay nasa loob ng statutory cap.

*Ang argumento sa itaas ay inihanda ng Tagapagrehistro ng mga Botante sa Lalawigan ng Clark sa konsultasyon sa Tanggapan ng Pangdistritong Abugado alinsunod sa NRS 295.121.*

## PAGPAPAWALANG-BISA NG ARGUMENTONG HINDI PABOR SA PAGSASABATAS

Ang argumentong hindi pabor sa pagsasabatas ay hindi naglalahad ng kabuoang larawan.

Una, bagama't ang halaga ng real property sa Henderson ay nadagdagan sa mga nakaraang taon, hindi ito nangangahulugan ng malaking pagtaas ng badyet para sa mga Aklatan ng Henderson. Ito ay dahil sa statutory cap na 3% taun-taon sa buwis ng mga residensiyal na ari-arian, na nangangahulugang ang mga buwis sa ari-arian ay hindi tumaas sa parehong antas ng mga halaga ng real estate. Bilang karagdagan, habang ang mga halaga ng real estate ay tumataas, gayundin ang mga gastos para sa lahat ng iba pa, kabilang ang mga gastos para sa pagpapatakbo at pagtatayo ng mga aklatan.

Pangalawa, ang oposisyon ay nangangatuwirang ang pasanin ng pagtaas ay nasa mga may-ari ng ari-arian ng Henderson, kahit na ang Aklatan ng Henderson ay nagbibigay ng mga serbisyo sa sinuman. Gayunpaman, LAHAT ng pampublikong institusyon—mula sa mga aklatan hanggang sa mga parke hanggang sa mga kalsada hanggang sa mga serbisyong pang-emerhensiya—ay magiliw na ibinabahagi sa lahat ng residente ng Las Vegas Valley.

Pangatlo, ang oposisyon ay nangangatuwirang dati ng tinanggihan ng mga residente ang isang katulad na pagtaas ng buwis ng dalawang beses. Ang mga boto na ito ay noong 2002 at 2012—22 taon at 12 taon na ang nakararaan. Ang Henderson ay iba kaysa noon, at ang pangangailangan para sa karagdagang mga pasilidad ng silid-aklatan sa mga lugar na kulang sa serbisyo ng lungsod ay mas higit pang kinakailangan ngayon. Mangyaring bumoto ng "OO" para sa pagsasabtas ng tanong sa balotang ito.

*Ang argumento sa itaas ay isinubmit ng Komite sa Tanong sa Balota ayon sa nakasaad sa NRS 295.121*

## PAGPAPAWALANG-BISA NG ARGUMENTONG NAGTATAGUYOD SA PAGSASABATAS

Habang ang mga aklatan ay nagsisilbi sa isang mahalagang interes sa komunidad, ang isa pang pagtaas ng buwis ay maaaring mahirap para sa mga residente ng Henderson na suportahan sa loob ng 30 taon. Ang ilang mga residente ay gumagamit ng mga serbisyo sa aklatan, ngunit maraming mga residente ang hindi gumagamit ng mga serbisyo na ibinigay ng Distritong Aklatan ng Henderson at ang gastos para sa mga serbisyo ay maaaring suportahan sa isang matatag na kampanya sa kawanggawa. Ang Lungsod ng Henderson ay maaaring magbigay ng maraming parehong mga serbisyong pangkomunidad sa pamamagitan ng departamento ng mga parke at libangan upang maiwasan ang anumang pagdoble ng mga serbisyo ng pamahalaan. Bagama't natukoy ang mga pangkalahatang proyekto, mahirap para sa mga botante na tiyakin na ang mga buwis na nabuo mula sa inisyatiba ng balotang ito ay gagamitin para sa mga panukalang proyekto at hindi gagamitin para dagdagan ang badyet sa pagpapatakbo ng Aklatan ng Distrito.

*Ang sagot sa itaas ay inihanda ng Tagapagrehistro ng mga Botante sa Lalawigan ng Clark sa konsultasyon sa Opisina ng Pangdistritong Abugado alinsunod sa NRS 295.121.*

## Tala sa Piskal

Ang boto ng OO ay mangangahulugan ng pagtaas sa mga buwis sa ari-arian na 2 sentimo sa bawat $100 na tinasang halaga sa isang $100,000 na bahay na nagkakahalaga ng $7.00 bawat taon para sa isang 30-taong sa kabuuang $210.00.